
5

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2: Paggamit nang Wasto sa mga Pangngalan at Panghalip




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## Alamin

Isang malugod na pagbati sa iyo minamahal kong mag-aaral. Matagumpay mong natapos ang mga gawain sa naunang modyul. Sinubok ang iyong kakayahan at inihanda ka sa mga panibagong hamon na lilinang sa inyong taglay na kagalingan. Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo upang mapalalim ang kaalaman sa tamang gamit ng pangngalan at panghalip.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

a. nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid;
b. natutukoy ang uri ng pangngalan at panghalip na ginamit sa pangungusap; at
c. nakasusulat ng isang maikling talata na tumatalakay tungkol sa sarili.

## Subukin

Gawain A. Basahin ang sumusunod na pangungusap. Suriin ang mga salitang nakasulat ng madiin. Tukuyin kung anong ng uri ng pangngalan ito. Isulat sa loob ng talahanayan ang sagot ayon sa uri nito.

1. Si **Gng. Cruz** ay bumili ng **sapatos** para sa kanyang **anak**.
2. Tuwang-tuwa si **Nena** nang bigyan siya ng isang dosenang **rosas** ng kanyang **manliligaw**.
3. Isang batalyong **sundalo** ang dumating sa **bayan** para tumulong sa pamimigay ng **pagkain** sa mga **tao**.
4. Si **Jose** ay nakatira sa **Maynila** kaya siya nangangamba sa kanyang siguridad laban sa **Covid 19 Virus**.
5. Si **Mang Ambo** ay namigay ng **pera** sa mga kababayan **niya**.

| Pantangi | Pambalana | Kongkreto | Di-Kongkreto | Lansakan |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

Gawain B. Kopyahin sa kuwaderno ang usapan at punan ang patlang ng tamang panghalip upang mabuo ang diwa nito.

*Isang araw, nagkasalubong sina kambing at aso sa gitna ng makitid na tulay.*



*Makitid lamang ang tulay. Hindi ________ maaaring dumaan ng sabay!*



*Bumalik _______ sa dulo at ______muna ang tatawid.*



*Aba, hindi maaari, _____ ang nauna rito. _____ang bumalik, hindi_____.*



*_____? Kahit anong mangyari, hindi ______ ______ mapababalik.*



*Talaga bang mapilit ______?*



*Bakit? ______ ang ipinagmamalaki mo?*



*Kayang-kaya kitang ihulog sa ilog sa pamamagitan ng aking sungay ________.*



*Kakagatin naman _______.*



*Ayaw _____? Heto ang sa _____!*

# Aralin 1 Paggamit nang Wasto sa mga Pangngalan at Panghalip

Ang wastong gamit ng pangngalan at panghalip sa pagtatalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay, at pangyayari sa paligid ay mahalagang kaalamang dapat mong matutuhan bilang isang mag-aaral upang higit na mahasa ang iyong kakayahang pangkomunikatibo.

## *Balikan*

Ang Pilipinas ay bansang madalas daanan ng bagyo. Taon-taon ay may humigit-kumulang sa 20 bagyo ang dumaraan sa bansa. Kaugnay nito, **sumulat** ng isang di-malilimutang karanasan sa panahon ng kalamidad gaya ng bagyo, baha, lindol at iba pa. Gumamit ng mga **panghalip** at **pangngalan** sa paglalahad nito. Salungguhitan ang mga ginamit na pangngalan at panghalip.  Isulat ang iyong karanasan sa isang malinis na papel.

**Isang Di- Malilimutang Karanasan sa Panahon ng Kalamidad**







## *Tuklasin*

Basahin ng may pag-unawa ang teksto sa ibaba.

**Buod ng Akdang "Ang Pinagmulan ng Bahaghari"**

Noong kapanahunan ni Noe ay naging napakasama ng mga tao. Tanging siya na lamang ang natitirang matuwid. Namuhay siyang may takot sa Diyos. Siya ay may tatlong anak. Isang araw kinausap si Noe ng Diyos at sinabing "Lilipulin ko na ang lahat ng mga tao sa daigdig. Umabot na sa sukdulan ang kanilang kasamaan. Kaya't pumutol ka ng kahoy sipres at gumawa ka ng isang daong.

Agad na tumalima si Noe sa utos ng Panginoon. Habang ginagawa ni Noe ang malaking daong ay inakala ng mga tao na siya'y nababaliw na. Ngunit sa kabila ng panlilibak ay pinaalalahanin pa rin niya ang mga ito sa paparating na pagbaha. Naganap nga ang kinatatakutan niya. Tanging ang kanyang angkan ang nakapasok sa daong. Tumaas nang tumaas ang tubig hanggang sa umabot sa taluktok ng bundok. Nang matapos ang pagbaha ay gumawa si Noe ng dambana at naghandog sa Panginoon. Kasunod nito ang paglitaw ng bahaghari sa ulap tanda ng kanyang katapatan at pagtupad sa pangakong, "Kailanman ay hindi na niya lilipulin sa pamamagitan ng baha ang lahat ng may buhay."

- *Hango sa Pinagyamang Pluma 5*

Gawain A. Basahin at unawain ang pangungusap. Ibigay ang kasingkahulugan ng mga salitang nakasulat ng madiin. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Kasama ni Noe ang kanyang buong pamilya sa pagsakay sa **daong**.
   A. dyip B. kotse C. barko
2. Inakala ng mga tao na nababaliw na ang **angkan** ni Noe.
   A. kapitbahay B. kapamilya C. katrabaho
3. Sa kabila ng **panlilibak** na narinig ay hindi pa rin nag-isip nang masama si kapwa si Noe.
   A. pagpaparatang B. pangungutya C. pangangaral
4. Tumaas ang tubig hanggang sa **taluktok** ng ng pinakamataas na bundok.
   A. dalisdis B. paanan C. tuktok
5. Nang matapos ang malaking pagbaha ay gumawa ng dambana si Noe at **naghandog** sa Panginoon.
   A. nag-alay B. naglagay C. nagalak

Gawain B. Balikan ang tekstong “Ang Pinagmulan ng Bahaghari”. Tukuyin ang *Pangngalan at Panghalip* na matatagpuan dito. Pagkatapos ay kopyahin ang graphic organizer sa kwaderno at itala sa hanay ang mga salitang napili mo.

| PANGNGALAN | PANGHALIP |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

## *Suriin*

Halina’t tuklasin ang mga dagdag kaalaman tungkol sa wastong gamit ng pangngalan at panghalip. Sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay, at pangyayari sa paligid. Tara na!

Ano ang pangngalan?

Ang **pangngalan** ay salitang pantawag sa tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari.

Halimbawa:
- tao - Ralph, Myra, bata, nanay
- bagay - aklat, sapatos, bisikleta, bag
- hayop - kalabaw, pusa, aso, ibon
- lugar - Borongan, Cebu, simbahan, palengke
- pangyayari - Araw ng Kalayaan, Bagong Taon, kaarawan

Ang sumusunod ay ang limang uri ng pangngalan:

1. **Pangngalang pambalana** – ay salitang pantawag sa karaniwang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. Ang pangngalang ito ay di-tiyak at nagsisimula sa maliit na titik.

   Halimbawa:
   - tao - bata, lalaki, babae, magulang, kapatid
   - bagay - bag, upuan, kurtina, lapis, papel
   - hayop - kalabawa, baka, aso, ibon
   - lugar - baryo, hospital, palengke, lunsod,
   - pangyayari - binyag, rebolusyon, pagtatapos,

2. **Pangngalang pantangi** – ay salitang pantawag sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. Ito ay nagsisimula sa malaking titik.

   Halimbawa:

   | | | |
   |---|---|---|
   | tao | - | Jose Rizal, Gng. Maria Cruz, Myrna, Justine |
   | bagay | - | Nike Shoes, Michaela Bag, Paperdoll Dress |
   | hayop | - | Bertong Kalabaw, Brownie (aso), Katya(pusa) |
   | lugar | - | Simbahan ng Barasoain. Manila, Hongkong |
   | pangyayari | - | Pasko ng Pagkabuhay, Edsa People Power |

3. **Pangngalang kongkreto o tahas** – Ito ay ngalan ng mga bagay na nakikita o nahihipo.
   Halimbawa: aklat, mesa, sabon, manga, tubig, upuan

4. **Pangngalang di-kongkreto o basal** – Ito ay salitang pantawag na may kinalaman sa ating emosyon o damdamin.
   Halimbawa: lungkot, hapdi, talino, ligaya, lagim

5. **Pangngalang lansakan** – Ito ay pangngalang tumutukoy sa maramihan o pangkatan.
   Halimbawa: langkay, dosena, kumpol, batalyon, buwig.

Tandaan! Sa lahat ng uri ng pangngalan, ang Pangngalang Pantangi lamang ang palaging nagsisimula sa malaking titik.

Ang Pangngalang Pambala, Kongkreto o tahas, Di-kongkreto o basal at lansakan ay isinusulat sa maliliit na titik maliban na lang kung ito ay ginamit bilang simula ng pangungusap.

Halimbawa: 1. a. Manila ang paborito kong lugar.
↓
pantangi

b. Ang aking paboritong lugar ay Manila.
↓
pantangi

2. a. Bumili ako sa palengke ng isang dosenang saging.
↓
lansakan

b. Isang dosenang saging ang binili ko sa palengke.
↓
lansakan

Ano naman ang panghalip?

Ang **panghalip** ay salitang ginagamit bilang panghalili o pamalit sa pangngalan.

Halimbawa: a. Si Gng. Flor Ramirez ang aking nanay.
↓
pangngalan

Siya ang aking nanay.
↓
panghalip

Ang tatlong uri panghalip ay mga sumusunod:

1. **Panghalip na panao** – ginagamit na panghalili o pamalit sa ngalan ng tao.

Halimabawa: Si Kim ay matalino.
↓
pangngalan

Siya ay matalino.
↓
Panghalip

Ang panghalip panao ay may **panauhan**:

unang panauhan – nagsasalita : ako, akin, ko

ikalawang panauhan-kinakausap : ikaw, iyo, mo, inyo, kaniya

ikatlong panauhan-pinag-uusapan: sila, kanila, nila

Ang panghalip panao ay may **kailanan:**

| | | |
|---|---|---|
| Isahan | : | ako, akin, ko, ikaw, iyo, mo |
| Dalawahan | : | kata, kita, tayo, inyo, ninyo |
| Maramihan | : | tayo, kami, amin, naming, atin, natin |

2. **Panghalip na pananong** – Ito ay salitang ginagamit sa pagtatanong at nagtatapos sa tandang pananong (?).

Halimbawa:

a. Sino ang nanay mo?

b. Bakit ka narito?

c. Paano ka nakarating dito?

Pag-aralan nang mabuti ang tsart na ito:

| Mga panghalip pananong | Sumasagot sa tanong tungkol sa: |
|---|---|
| Sino | tao |
| Kanino | tao |
| Ano | hayop, bagay, katangian, pangyayari |
| kailan | panahon |
| saan | lugar o pook |
| bakit | dahilan ng pangyayari |
| paano | paraan ng paggawa |
| Ilan | bilang o dami ng nais malaman |
| Alin | pagpipilian |
| gaano | sukat o bigat |
| magkano | halaga |

3. **Panghalip na panaklaw** – Ito ay ginagamit para tukuyin ang bilang ng pangngalan (ngalan ng tao, hayop, lugar, bagay o pangyayari)


Halimbawa ng panghalip panaklaw:

ang-isahan : bawat, anoman, gaanoman, alinman, sinoman, saanman, kaninoman, ilanman

pangmaramihan : lahat, pawang, kapuwa, marami, ilan

Halimbawa ng pangungusap:

1. Bawat isa ay mahalaga, iyan ang lagi mong tatandaan.
2. Lahat ng problema ay may solusyon, gaanoman ito kabigat.




## *Pagyamanin*

Gawain A. Gamit ang mga kaalamang natutuhan. Basahin at suriin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel kung ang pangngalang may diin at salungguhit ay **pambalana**, **pantangi, tahas, basal o lansakan.**

1. Umaapaw sa **kaligayahan** ang aking puso sa iyong ibinalita.
2. Si **Ginoong Reyes** ay mabait at mapagbigay sa mga nangangailangan.
3. Binigyan ako ng aking anak ng isang **dosenang** rosas.
4. Ang aking mga kaibigan ay masayang naglalaro sa **bakuran**.
5. Bumili ako ng isang kahong **tubig**.
6. Ako ay magiging mabuting alagad ng **Panginoon**.

7. Iyan ang aking mga pangarap para sa ikauunlad ng **mundo**.
8. Hanggang kalian ka tatalima sa utos ng iyong mga **magulang?**
9. Sinoman sa atin ay may maiaambag sa pagpapanatili ng katahimikan at kapayapaan ng **sanlibutan**.
10. Huwag nating tularan ang mga **taong** masasama.

Gawain B. Malaki ang naitutulong ng mga mungkahi sa pagsasakaturan ng mga proyekto. Di na rin mabilang ang mga programang naisakatuparan mula sa mga napagkasunduang mungkahi. **Kompletuhin** ang pangungusap sa bawat bilang sa pamamagitan ng **paglalagay ng angkop na panghalip** upang mabuo ang diwa.

Fe: Ang (balana, bawat isa, iba) sa inyo ay makapagbibigay ng inyong mungkahi.

Tess: Puwede bang isulat sa pisara ang mungkahi para mabasa nating (balana, karamihan, lahat)?

Fe: (Sinomang, Alinmang, Saanmang) dako ng mundo, pagmamahal ang kailangan ng (bawat, lahat, ibang) tao.

Tess: Oo nga, ano? Maisasakatuparan kaya ang (alinmang, anomang, saanmang) binabalak nating gawin?

Fe: Halos ganyan din ang nasa isip ko. Heto, pakinggan ninyo. “Pagmamahalan ng (isa’t isa, bawat, isa) ay mahalaga sa (balana, isa, ilan)”.

Tess: Kayang-kaya kapag tulong-tulong tayong (lahat, bawat, karamihan).



## ***Isaisip***

Bilugan ang makikitang **pangngalan** sa pangungusap. Palitan ng angkop na **panghalip** ang napiling pangngalan upang makompleto ang diwa ng pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| tayo | | siya | sila | akin |
| niya | kanila | ito | ninyo | iyon |

1. Si Noe ay matapat na alagad ng Diyos.
2. Tiniis ni Noe ang panlilibak ng mga tao.
3. Siya ang kauna-unahang taong nagtanim ng ubas.

4. Tinupad ng Diyos ang kaniyang pangako kay Noe.
5. May pag-asa pa rin ang mga kalbong bundok.
6. Ang matinding init ay bunga ng pagkasira ng *Ozone Layer*.
7. Makabubuti sa kapaligiran ang tamang pagtatapon ng basura.
8. Ang deforestration o walang habas na pagputol ng mga puno sa kagubatan.
9. Salot kung ituring ang sumisira sa kapaligiran.
10. Iligtas ang mga hayop na itinuturing na endangered species.

## *Isagawa*

Ang pagkakaroon ng bahaghari ay pagpapatunay ng pangako ng Diyos sa tao na kailanman ay hindi na niya lilipulin ang tao sa daigdig sa pamamagitan ng baha. Kung ating titingan, anumang trahedya na bunga ng baha ay masaabing batik ng kalikasan sa pang-aabuso ng mga tao sa kapaligiran.

Ikaw naman ngayon ang gumawa ng pakikipagtipan sa Diyos para sa pangangalaga sa ating kalikasan. Sumulat ng isang talata kung paano mo mapangangalagaan ang kalikasan. Alalahanin ang mga natutuhan sa wastong gamit ng pangngalan at panghalip.

## *Tayahin*

Ikaw ay kabilang sa Samahan ng mga Manunulat o Campus Journalist sa inyong paaralan. Magkakaroon ng Campaign Drive ang inyong paaralan. Ikaw ay naatasang sumulat ng Jingle na mapanghikayat tungkol sa pangangalaga sa kalikasan. Isaalang-alang ang **wastong gamit ng pangngalan at panghalip** sa pagtalakay ng mga pangyayari sa kapaligiran. Isulat ang Jingle sa *short bond paper.*

| Mga Pamantayan sa Pagsulat ng Jingle | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Nakabuo ng isang mapanghikayat na jingle sa malinis at maayos na pamamaraan. | | | | | |
| Nakapaglahad nang mahusay, malinaw at angkop na mensahe batay sa paksang ibinigay. | | | | | |

| Mga Pamantayan sa Pagsulat ng Jingle | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Nagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagbuo ng jingle | | | | | |
| **Kabuoang puntos** | | | | | |

5 - Napakahusay
4 - Mahusay
3 - Katamtaman
2 - Di-mahusay
1 - Sadyang Di-mahusay

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.

| pantangi | pambalana | kongkreto | di-kongkreto | lansakan |
|---|---|---|---|---|
| 1. Gng. Cruz | anak, sapatos | sapatos | | |
| 2. Nena | manliligaw | | | Isang dosenang rosas |
| 3. | bayan, tao, pagkain | pagkain | | Isang batalyong sundalo |
| 4. Jose, Manila, Covid 19 Virus | | | siguridad | |
| 5. Mang Ambo | Kababayan, pera | pera | | |

B. KAMBING : Makitid lamang ang tulay. Hindi _tayo_ maaaring dumaan nang sabay!
ASO : Bumalik _ka_ sa dulo at _ako_ muna ang tatawid.
KAMBING : Aba, hindi maaari. _Ako_ ang nauna rito. _Ikaw_ ang bumalik, hindi _ako_.
ASO : _Ano?_ Kahit anong mangyari, hindi _mo_ _ako_ mapapabalik.
KAMBING : Talaga bang mapilit _ka_?
ASO : Bakit? _Ano_ ang ipinagmamalaki mo?
KAMBING : Kayang-kaya kitang ihulog sa ilog sa pamamagitang ng sungay _ko_.
ASO : Kakagatin naman _kita_.
KAMBING : Ayaw _mo_? Heto ang sa _iyo_!

**Pagyamanin**

A. 1. basal
2. pantangi
3. lansakan
4. tahas
5. kongkreto o tahas
6. Pantangi
7. tahas
8. Pambalana
9. tahas
10. Pambalana

B. Fe: iba
Tess: lahat
Fe: Saanmang
Tess: anomang
Fe: isa't isa, balana
Tess: lahat

**Isaisip**

B. 1. Siya
2. niya
3. nito
4. niya
5. iyon
6. nito
7. rito
8. ito
9. rito
10. sila

**Tuklasin A**

1. C
2. B
3. B
4. C
5. A

**Tuklasin B**

Pangngalan

1. Noe
2. Diyos
3. Panginoon
4. Angkan
5. Bahaghari

   Atbp

Panghalip

1. Siya
2. Ko
3. Ka
4. Niya
5. nito

**Isagawa**

Ang lahat ng sagot ay depende sa isinulat na pangungusap ng bata gamit ang pangngalan at panghalip.

**Balikan**

Ang sagot sa gawain ay depende sa karanasang ibabahagi ng mag-aaral.